Australian Bureau of Statistics
census
8 August 2006

# Fact Sheet

www.abs.gov.au/census

## Ang 2006 na Census, sa Martes ika-8 ng Agosto, ay mahalaga para sa inyong komunidad

Lahat ng tao sa Australya ay bibilangin sa 2006 na Census ng Populasyon at Paninirahan. Ang tulong ninyo ay lubhang napakahalaga para sa kinabukasan ng inyong komunidad.

Ang mga organisasyong pangkomunidad, pamahalaan at negosyo ay lahat umaasa sa impormasyon ng Census sa pagpaplano ng mga pasilidad na pangkomunidad at mga serbisyong gaya ng paninirahan, pangkalusugan, pang-edukasyon, serbisyo sa mga wika at mga ispesyal na programa sa pagtulong.

## Mga katanungan sa lugar ng kapanganakan, mga sinasalitang wika, relihiyon at ninuno

Ang 2006 na Census ay isang kuhang-iglap na litrato ng lahat dito sa Australya at sinusukat ang mga mahahalagang bagay gaya ng edad, lugar ng kapanganakan, mga sinasalitang wika, relihiyon at ninuno pati na ang pag-aalam kung ang tao ay nangangailangan ng tulong sa wikang Ingles.

Ang mga organisasyong pangkomunidad na Etniko ay nagtataguyod sa Census.
Ang impormasyong nailalagay sa pormularyo ng Census ay nakakatulong sa pagsasalarawan ng tunay na kaanyuan ng kanilang mga komunidad.
Ang impormasyon sa Census ay nakakatulong din sa maparehas na pagbabahagi ng mga pang-gobyernong pondo para sa mga etnikong komunidad.

## Isulat ang inyong kasagutan kung hindi nakalista

Ang Census ay nagtatala ng impormasyon para sa humigit kumulang 280 na mga bansa, 240 na mga wika at 120 na mga relihiyon. Limitado ang espasyo sa pormularyo ng Census at hindi maililista ang lahat ng mga bansa, wika at relihiyon. Pakisulat sa espasyong nakalaan kung hindi nakalista ang inyong bansa, wika o relihiyon.

## Ang impormasyon ko ba ay pribado?

**Ang lahat ng impormasyong nakolekta sa Census ay kompidensyal – ayon sa batas.**
Ang inyong personal na pagkapribado ay lubusang ginagarantiyahan.

Walang impormasyon ng pangalan o tirahan ang itatago maliban kung pinili ninyong makasali sa Census Time Capsule (Kapsulang Oras ng Census). Ang lahat ng de-papel na pormularyo ng census at anumang mga ‘file’ sa kompyuter na may lamang impormasyon ng pangalan at tirahan ay sisirain pagkatapos na maproseso.
Ang lahat ng nagtatrabaho sa Census ay legal na pinagbabawalang hindi kailanman makapaglalabas ng anumang personal na impormasayon. Ang mga Organisasyong gaya ng Federal Police(Pulisyang Pederal), ASIO (Taga-Espiya), ang Tax Office (Opisina ng Pagbubuwis), Centrelink, Immigration (Imigrasyon) at mga direct marketing companies (kompanyang direktahang nagbebenta) ay hindi kailanman makakakuha ng personal na impormasyon galing sa Census.

## Kapsulang Oras ng Census (Census Time Capsule)

Makakapili kang pumayag na ang impormasyon mo sa Census, kasama ang iyong pangalan at tirahan ay ligtas na itatago ng National Archives of Australia (Pambansang Taguan ng Australya) sa loob ng 99 na taon. Nang dahil sa walang sinumang makakalapit sa impormasyon ng Census sa loob ng 99 na taon, ang proyekto ay tinaguriang 'Census Time Capsule'.

Sa taong 2105, ang National Archives ay mapapalabas ng impormasyong nasa loob ng Kapsula (Time Capsule) para sa publiko at ang mga darating pang mga henerasyon ay makakapagtunton ng kanilang mga ugat ng pinanggalingan.

**Ang pagsali sa Census Time Capsule ay lubos na opsyonal.** Ang sinumang hindi pumapayag na makisali sa proyekto ay makakaasang ang impormasyon nila sa Census ay wawasakin, alinsunod sa normal na gawain ng Australian Bureau of Statistics, matapos maisagawa ang istatistikal na pagproseso.

## Paano isinasagawa ang Census

Ang lahat ng nasa Australya ay bibilangin, saan mang lugar sila naroroon sa gabi ng Census (Martes ika-8 ng Agosto), pati na ang mga turista. May isang kolektor ng Census na magdedeliber sa mga bahay ng pormularyo ng Census at isang giyang pantulong dalawang linggo bago pa ang gabi ng Census at muling babalik makalipas ang dalawang linggo matapos ang Census Night para kunin ang nakumpletong pormularyo. Para sa taong 2006, ang mga naninirahan sa bahay ay makakapiling sagutan ang pormularyo ng Census sa pamamagitan ng kompyuter.

## Kailangan ng Tulong?

May isang Census Inquiry Service (serbisyong mapagtatanungan ng Census) na tumutugon sa pinakamalaganap na ginagamit na mga wika sa Australya ang mapagtatanungan sa katapusan ng Hulyo. Ang Census Inquiry Service Language Helpline(Linyang pantulong sa wika) ay bukas mula 8:30 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi sa numerong **1300 63 365**.

Ang Census Collectors (Kolektor ng Census) na may kasanayan sa wika ay magtatrabaho sa mga nararapat na lugar. Sila ay sinanay na magkaloob ng tulong. Ang Census Website - **www.abs.gov.au/census** - ay mayroon ding mga materyal na isinalinwika.

## Tandaan - ang Census ang pagkakataon mong mapasama sa bilang.